IMPORTANT NOTICE

PASSPORT SERVICES AND RE-OPENING OF PHILIPPINE CONSULATE GENERAL IN BARCELONA

PARA SA ATING MGA KABABAYAN SA BARCELONA AT KARATIG LUGAR,

Nais po naming ipaalam sa inyo na ipinanukala ng ating kasalukuyang pamahalaan, sa pamamagitan ng House Resolution No. 276, ang muling pagbubukas ng Career Philippine Consulate General sa Barcelona upang mas lalong mapagkalooban ng kaukulang Consular Services ang ating mga Pilipino na nakatira at nagtatrabaho sa Catalonia Region.

Ang pagbubukas ng Philippine Consulate General sa Barcelona, na pamumunuan ng Consul General na magmumula sa Pilipinas at buong staff complement, ay nangangahulugan na ang lahat ng Consular Services na kailangan ng mga Pilipino ay maaari nang matugunan katulad ng pag-renew ng passports, pag-apply ng NBI, translations, application for dual citizenship, registration of birth, death and marriage, affidavits at marami pang iba. Gayundin, ito ay magiging bukas sa lahat ng mga Pilipino ng buong araw simula Lunes hanggang Biyernes.

Habang inihahanda ng Department of Foreign Affairs, Department of Budget, Congress, Senate at iba pang sangay ng Gobyerno ang muling pagbubukas ng Philippine Consulate General na maaring masimulan sa 2018 o 2019, ang Philippine Honorary Consulate sa Barcelona na pinamumunuan ni Honorary Consul General Jordi Puig Roches ay nakahanda pa ring tumulong sa inyo at patuloy na magbibigay ng mga serbisyo sa mga Pilipino. Ang mga serbisyong ating kailangan ay maari pa ring isangguni sa Philippine Honorary Consulate.

Gayunman, ang tanging magbabago, simula 01 September 2017 hanggang sa magbukas ng Philippine Consulate General, ay ang pag re-renew at pag-apply ng passports na atin nang gagawin tuwing **FIRST SATURDAY NG BAWAT BUWAN**. **Simula 07 October 2017, ang Philippine Embassy sa Madrid ay regular na pupunta sa Barcelona TUWING UNANG SABADO ng bawat buwan upang tumanggap ng application for passport at dual citizenship**.

Ito ay bilang paghahanda sa muling pagbubukas ng nasabing Philippine Consulate General. Narito ang mga sumusunod na petsa ng buwanang consular outreach mission ng Embajada sa konsulado ng Barcelona sa susunod na 6 na buwan. Gayunpaman, pinapayuhan namin na laging i-check ang aming pahina ng Facebook (@PHinSpain), kung sakaling may mga hindi maiiwasang pagbabago sa mga petsang nabanggit, pati na rin ang iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon mula sa Embahada.

SCHEDULE OF PASSPORT SERVICES IN BARCELONA
VENUE: Consulado de Filipinas en Barcelona

2017

07 October 2017, 9:00 am to 5:00 pm
04 November 2017, 9:00 am to 5:00 pm
02 December 2017, 9:00 am to 5:00 pm

2018

06 January 2018, 9:00 am to 5:00 pm
03 February 2018, 9:00 am to 5:00 pm
03 March 2018, 9:00 am to 5:00 pm

Para sa iba pang mga katanungan, maaari kayong makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng:

Email: consular@philembassymadrid.com
Text or Call at mobile phone: 616491861
Direct Landline: 910 551 147 / 917 451 248 / 917 823 833